OFFICE OF THE MAYOR
CITY OF DALY CITY
333 – 90TH STREET
DALY CITY, CA 94015-1895
(650) 991-8125

Programang Kamerang Nakasuot sa Katawan at Nasa Sasakyan ng Patrolya para sa Kagawaran ng Pulisya ng Lungsod ng Daly City

Sa gabing ito ng Mayo 5, 2021, ang Konseho ng Lungsod ng Daly City ay gumawa ng aksyon upang aprubahan ang pagpapatupad ng Programang Kamerang Nakasuot sa Katawan at Nasa Sasakyan ng Patrolya para sa Kagawaran ng Pulisya ng Lungsod ng Daly City. Ang Konseho ng Lungsod ay nag-utos sa Tagapamahala ng Lungsod na gumawa agad ng isang kasunduan at tumuloy sa pagbili ng mga kamerang ito.

Gusto kong linawin ang gawain ng Lungsod sa nakalipas na ilang taon upang ipatupad ang mga kamerang nakasuot sa katawan at nasa sasakyan ng patrolya para sa ating mga opisyal. Tulad ng tinalakay namin sa gabing ito, ang rekomendasyon na ipatupad ang mga kamerang nakasuot sa katawan at nasa sasakyan ng patrolya ay unang ginawa noong 2017. Gayunman, sa panahong iyon, ang Lungsod ay walang pondo para sa mga kamera. Noong 2019, ang kasalukuyang Tagapamahala ng Lungsod at Konseho ng Lungsod ay sumulong sa panukala sa balota na Panukala Q upang tugunan ang isyu ng pagpopondo. Ang Panukala Q ay pumasa noong Nobyembre 3, 2020, at dahil ang mga pondo ay makukuha na, ang Lungsod ay nagtatrabaho upang ipatupad ang mga kamera. Ang Konseho ng Lungsod ay gumawa ng mga hakbang upang ipatupad ang mga kamerang nakasuot sa katawan at nasa sasakyan ng patrolya mula noong Pebrero ng taong ito, at ngayong gabi sa aming Espesyal na Pulong ng Konseho ng Lungsod, gumawa kami ng pinal na aksyon upang kunin ang mga kamerang ito.

Bilang Alkalde ng Daly City, tinatanggap ko ang mga mapanghamong panahon na dinaraanan natin sa ating Lungsod ngayon. Gusto kong personal na pasalamatan ang lahat ng nakipag-ugnayan sa liderato ng Lungsod upang ibahagi ang kanilang komentaryo, mga inaalala, at opinyon. Ipinagbibigay-alam namin na naririnig namin kayo at alam namin na ang ating komunidad ay ay naging mas malakas sa pamamagitan ng paglahok ng komunidad. Gusto kong pasalamatan ang gawain ng mga tauhan ng ating Lungsod sa kanilang mga pagsisikap at pagtatalaga ng sarili. Alam namin na marami pa tayong mapanghamong panahon na lalampasan sa susunod na ilang linggo. Bilang inyong alkalde, titiyakin ko ang isang malinaw na pamahalaan ng Lungsod.

Salamat sa inyong panahon at sa pagmamalasakit sa ating Lungsod.

Matapat,

Juslyn C. Manalo

Juslyn C. Manalo Alkalde ng Daly City

###

Kontak para sa Press: Rose Zimmerman, Abugado ng Lungsod, (650) 991-8122